

JUNE 2011

FILIPINO MAGAZINE

PO NATIN!

PAG-USAPAN

ISSUE 35

مجلة لتحاوړ ملحق مجلة البشرى باللغة الفلبينية - العدد الخامس والثلاثون



**KALAYAAN
NA MAY
DISIPLINA**

IPINAMIMIGAY NG LIBRE

 المركز الكويتي الفلبيني الثقافي
Kuwait Philippine Cultural Center

UPANG TA'YO Y MAGKILALANAN ... نتعارف

24756786-2471254

For reservation and registration

Tawag lang sa 24712574 or 24756796

Extention 102 sa mga lalaki, Extention 116 sa mga babae

Office Hours: Sundays to Fridays, Morning 8:00– 1:00,
Evening 4:30 – 8:30

KPCCenter is Closed on Saturdays

ARABIC CLASS 2011 – 2012 SCHEDULE OF CLASSES & REGISTRATION

BATCH	REGISTRATION PERIOD	DURATION OF CLASSES
1 st Batch	January 1 - 31, 2011	February - May 2011
2 nd Batch	May 1 - 31, 2011	June - September 2011
3 rd Batch	September 1 - 30, 2011	October 2011 - January 2012

Mag-aral Bumasa at Sumulat ng Arabik sa Loob Lamang ng Apat na Buwan



ICSA INTERNATIONAL INSTITUTE OF COMPUTER SCIENCE & ADMINISTRATION

Ang Unang Filipinong Akademiya ng Computer Sa Kuwait



Highly
Qualified Filipino
Instructors

Hinahanap Mo Ba Ang Magandang Kinabukasan Para Sa Inyong Anak Sa Abot Kayang Halaga?

Magandang Balita sa lahat ng mga Magulang at Batang Mag-aaral! Inihahandog ng **ICSA** ang **(Special/Short Computer Courses for KIDS)**. Mag-aral ng Computer Course sa Malaking diskwento at sa Schedule na gusto nyo.

Special Computer Courses For Kids

Magmadali!

Para sa reservation
ng inyong mga
anak.

www.icsa.us

Kuwait City, Maliya, Behind KFC
Panasonic Tower, 8th Floor

Tel: 99302850 - 60078629

KPCC Sentrong Pangkultura

facebook

facebook.com/kpcccenter

Makinig Araw-araw, 1:00 - 3:00 P.M.
Tagalog Program ng Radio Kuwait
FM 93.3 khz . AM 963 khz.



**MAGANDANG
BALITA!!!**

Para Sa Lahat Ng **Pinoy**
Sa **Kuwait**

Now you can earn

Bachelor & Master's Degree

Online from **CHED**
accredited University
in Philippines while
living abroad

Bachelor of Science in
Business Administration
• Major in Marketing
• Major in Management

A great opportunity for undergraduates

with **Flexible Schedule** and **No regular Class** is required.

Enroll Business Administration Courses at ICSA Thru

**WISDOM INTERNATIONAL SCHOOL
FOR HIGHER EDUCATION STUDIES**

www.wisdom.edu.ph



Kuwait City, Maliya


Behind KFC, Panasonic Tower, 8th Floor

ICSA - E-mail: info@icsa.us www.icsa.us

22467301 99302850



3	DISIPLINA, KAILANGAN KITA	الأداب احتاجها
4	BAKIT MAHIRAP MAGPATAWAD	صعوبة العفو لماذا
5	BUHAY AT PAG-AARAL AYON KAY BOB ONG	الحياة والتعلم
8	SCIENCE & RELIGION	العلوم والدين
9	MAGTAWANAN TAYO	طرائف تجالوج
11	BALITANG PANGKALUSUGAN	النوم السعيد في الليل
12	PINOY RECIPE	تعليم الطبخ - الفلبيني
13	ANO ANG ONLINE STUDIES?	الدراسات على الانترنت
14	PAGLALAKBAY - BORACAY	سياحة - بوركاوي
15	MGA TIPIKAL NA PRUTAS NG MINDANAO	انواع الفاكهة في مينداناو
16	TANONG AT SAGOT: Pagsanla ng Lupa at ginto ay Kasama sa Riba?	الرهن بالارض
17	PAG-ARALAN ANG ARABIK Lesson 24	تعليم اللغة العربية
18	BASA A MORO	لغة مورو
20	BISAYA	لغة بيسايا
21	MAHALAGANG MGA NUMERO SA TELEPONO	ارقام هاتفية مهمة
21	ANONG MERON SA BUWAN NG MAYO	المناسبات في مايو



Ang Pag-usapan Po Natin! Filipino Magazine ay ang monthly publication ng KPCCenter. Ang Kuwait Philippine Cultural Center ay isang kalipunan, isang kongregasyon, at isang center kung saan nagtatagpo ang mga layunin para sa kaunlaran sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga Filipino sa Kuwait, ano man ang kanilang relihiyon, tribo, at kasarian. Ang layunin nito ay upang makapagtatag ng isang sentrong pangkultura at pang-edukasyon upang tangkilikin ang lahat ng maiinam na kultura at mga anyo ng edukasyon. Ito rin ay nakikipagkasundo, at lahat ng mga gawain nito ay sa pamamaraang tuwiran at katamtamang pakikitungo, na nag-aanyaya sa lahat upang sama-samang makapagtatag ng bukas na mga tala-kayan tungkol sa lahat ng aspeto ng pamumuhay.

Ang mga nilalaman, pananaw at mga opinyong nailathala sa magazine na ito ay di kailangang kumatawan ng KPCCenter, kahit pa ito ay isinulat ng isang empleyado nito. Ang lahat ng pagsisikap ay ginagawa upang matwasan ang pagkakamali sa mga impormasyong nilalalaman ng mga artikulo, ngunit, walang pananagutan kahit anuman ang maaaring ipagpalagay sa magazine na ito o sa tagapaglathala nito, ang KPCCenter.

Para sa mga komento at mga katanungan, magpadala ng e-mail sa:

pagusapan@gmail.com

FILIPINO MAGAZINE PO NATIN!
PAG-USAPAN

Chief Patron
Mohammad Ismail Al-Ansari
Editor
Ullessis F. Abaya
Columnists:
Joselito Tabing
Joshua Barbas
Abdul Qadir Laja
Issa Mohammad Tragua
Ust. Abubaidah Salud Satol
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Wahibie Tamama
Ust. Muslimin Palami Bhuruar
Mailyn Rodriguez
Usta. Pahima Guiabal
Usta. Halima Mantawil

Review and Approval Committee
Ust. Marouf Baraguir Ali
Ust. Muslimin Palami Bhuruar
Bro. Muhammad F. Sumaway
Bro. Ahmad Yusuf Abaya
Usta. Halima Mantawil

Designer
Nader Bellal
PUBLISHED BY
KPC Center
Farwaniya, Block 1
Street 74 corner Street 72
Building 12
Phone 24712574, 24756796
Fax (965) 24712574 (102)
Hotline: 97802777
www.kpccenter.com
www.pagusapan.com

Khalid Abdullah Al-Sabea
General Director
Ust. Marouf Baraguir Ali
Head, Men Section
Usta. Halima Mantawil
Head, Women Section

IPC



مؤسسة زخرف للإعلان
Zukhruf Advertising Agency



DISIPLINA, KAILANGAN KITA



Nakapanood ka ba ng Olympic Games sa telebisyon? Ano ang pagpapahalagang taglay ang mga manlalarong kalahok dito na nagpapaangat sa kanila sa iba?

Sa nakaraang mga isyu natutuhan natin ang kahalagahan ng sipag at tiyaga sa pag-unlad ng isang tao. Bukod sa mga pagpapahalagang ito, mayroon ka pang dapat taglayin upang umunlad.

Alam mo ba kung ano ito? Disiplina! Masipag ka man at kumikita nang maayos sa iyong trabaho, kung hindi ka naman disiplinado sa paghawak ng iyong kinikita, masasabing hindi pa rin ganap ang iyong pag-unlad.

Pinagkalooban ng Diyos ang tao ng kalayaan upang magpasya para sa kanyang sarili. Ang will o kalayaang-loob ay isa sa kapasidad ng tao na nagpapaiba at nagpapaangat sa kanya sa hayop at iba pang nilikha. Ito ang lakaspanloob na humihikayat sa kanya na naising gawin ang isang bagay. Ayon kay Esteban, ang kalayaang-loob ay bulag na taga-akay at nangangailangan ng patnubay ng ating intellect. Ang intellect ang may kakayahang umunawa sa mga universal truths kaya marapat lamang na ito ang mangibabaw sa pagpasya higit sa kalayaang-loob.

May mga taong walang disiplina sa sarili at ang pinaghahari lamang ay kung ano ang maibigan. Ang nanginigibabaw sa kanilang pagpapasya ay ang kalayaang-loob at hindi ang intellect. Ano nga ba ang disiplina? Mula sa orihinal na kahulugan nito sa wikang latin, nangangahulugan ito na to instruct o turuan: turuan ang tao kung paano magpasya at kumilos ng naaayon sa pamantayang moral. Turuan ang tao kung paano panginigibabawin ang katwiran sa damdamin. Kung hindi didisiplinahin ng isang tao ang kanyang sarili, hindi niya makakamit ang tunay na pag-unlad at kaganapan.

Halimbawa, kahit gaano ka katalino, kung hindi mo didisiplinahin ang iyong sarili sa tamang oras ng panonood ng T.V., pag-aaral ng leksyon at wastong pagkilos sa klase, tiyak na maaapektuhan ang iyong magiging marka sa iba't-ibang asignatura. Ang disiplina ay tumutukoy sa pagpipigil sa sarili sa mga kilos o gawaing makahahadlang sa pagkakamit ng layunin. Isinasaalang-alang ng disiplina ang kabutihang pansarili at kabutihang panlahat. Naglalayon itong makamit ang kaayusan at kapayapaan. Mahalagang gawing batayan ang mga pagpapahalagang mag-aakay sa isang tao sa tamang landas. Isang magandang katangian ang pagkakaroon nito. Sa pamamagitan ng disiplina, matutulungan mo ang iyong sarili na makaiwas sa mga gawaing walang kabuluhan at pag-aaksaya lamang ng panahon.

Alalahanin mong anuman ang iyong gawin sa iyong sarili ay pananagutan mo sa Diyos na nagbigay sa iyo ng buhay. Pagdating ng takdang panahon ay magsusulit ka sa Kanyang harapan. Gawin mong instrumento ang disiplina sa paglingang ng mga talinong kaloob Niya sa iyo. Ang disiplina rin ang magiging pananggalang mo sa mga gawaing mag-aakay sa iyo sa kapahamakan. (Project EASE, bse.portal.ph)





PINOY BLOGS

(bamertz.multiply.com/journal)

BAKIT MAHIRAP MAGPATAWAD?

Bakit nga ba? Hindi kaya dahil sa matinding sama ng loob kung kaya't natatakpan ang lahat ng matitinong parte ng ating pag-iisip at hindi na natin magawang umunawa?

Ngunit bakit naman kaya umabot sa kasukdulan ang galit? Hindi kaya dahil sobra ang kasalanang nagawa? Ano nga ba ang sobra? Nasusukat ba ang damdamin? Kung hindi, paano natin nalalaman na sobra na at hindi na nararapat ang nagaganap? Kapag hindi na natin kayang indahin ang sakit na nararamdaman?

Kapag hindi na makaya ang sakit, ano ang nararapat gawain? Kimkimin ito? O ipahayag?

KANINO mo ipapahayag? Sa mga taong makakaintindi sa iyo? O sa taong dumulot ng pagluha mo?

Gusto mo bang ipahayag sa taong nagpasakit sa iyo na nasaktan ka niya? Kung oo, paano mo ipapahayag? Ang katahimikan ba ay matuturing na pagpapahayag rin? Mapapansin kaya nila ang reaksiyon mo? Kung oo, may pakialam ba sila?

Kung meron, nasubukan na ba nilang humingi ng tawad? Kung wala pa, pakikiusapan mo ba sila na humingi ng tawad sa iyo?

Kung hindi, magtitiis ka na lamang ba hangga't mapaisip sila sa kanilang nagawa? Kailan naman kaya ang

panahong iyon?

Kung dumating na, SINUBUKAN na ba nilang ayusin ang kaguluhan? Kailan? MINSAN?

Gaano ba kadalas ang minsan? ISANG BESES BA? Kapag hindi nagtagumpay ang minsang pagsubok, nararapat na bang tumigil?

Hindi ba't masakit kapag mahal mo ang taong nagkasala sa iyo? Hindi ba nakakapanibugho na sinubukan mong umintindi subalit ikaw ang hindi naiintindihan?

Hindi ba't nakapanlulumo na sinusubukan mo silang saktan ngunit alam mo na habang ginagawa mo yun, NASASAKTAN KA RIN? Hindi ba't mas masakit dahil maiisip mo lang na balewala ang "pananakit" mo sa kanila sapagkat IKAW at TANGING IKAW lamang ang apektado sa pangyayari?

Hindi kaya ang dahilan kung bakit mahirap magpatawad, ay dahil HINDI NAMAN HUMIHINGI NG TAWAD ang nagkasala sa iyo?

Alam ba ng taong iyon na nagkasala siya? Kung alam nga, tingin mo ba MANINIWALA siyang siya lamang ang nagkamali? Hindi kaya lalabas na kasalanan mo rin?

Kung siya lang ba talaga ang nagkasala, hindi ka na ba gagawa ng paraan para magkaayos kayo?

Eh kung gumawa ka nang paraan pero hindi naman nila alam?

Ano ang gagawin mo?

Hindi kaya lalabas pa na kasalanan mo rin naman? Bakit palaging may kasalanan ang dalawang parte? Sino ba ang mas makasalanan? Yung nagkasala na hindi humihingi ng tawad? O yung pinagkasalaan na hindi marunong bumitaw sa mga magagandang alaala na malamang KAILANMA'Y HINDI NA MAIBABALIK? Hindi kaya ang dahilan kung bakit mahirap magpatawad, ay dahil kailangan mo pang sagutin ang mga katanungang ito?





BUHAY AT PAG-AARAL AYON KAY BOB ONG

“Nalaman kong hindi final exam ang passing rate ng buhay. Hindi ito multiple choice, identification, true or false, enumeration or fill-in-the-blanks na sinasagutan kundi essay na isinusulat araw-araw. Huhusgahan ito hindi base sa kung tama o mali ang sagot, kundi base sa kung may kabuluhan ang mga isinusulat o wala. Allowed ang erasures.”

“Kumain ka na ng siopao na may palamang pusa o maglakad sa bubog nang nakayapak, pero wag na wag kang susubok mag-drugs. Kung hindi mo kayang umiwas, humingi ka ng tulong sa mga magulang mo dahil alam nila kung saan ang mga murang supplier at hindi ka nila iisahan.”

“Mangarap ka at abutin mo. Wag mong sisihin ang sira mong pamilya, palpak mong syota, pilay mong tuta, o mga lumilipad na ipis. Kung may pagkukulang sa iyo mga magulang mo, pwede kang manisi at maging rebelde. Tumigil ka sa pag-aaral, mag-asawa ka, mag-drugs ka, magpakulay ka ng buhok sa kili-kili. Sa bandang huli, ikaw din ang biktima. Rebelleng walang napatunayan at bait sa sarili.”

“Tuparin ang mga pangarap. Obligasyon mo yan sa sarili mo. Kung gusto mo mang kumain ng balde-baldeng lupa para malagay ka sa Guinness Book of World Records at maipagmalaki ng bansa natin, sige lang. Nosi balasi, wag mong pansinin ang sasabihin ng mga taong susubok humarang sa iyo. Kung hindi nagsumikap ang mga scientist noon, hindi pa rin tayo dapat nakatira sa jupiter ngayon. Pero hindi pa rin naman talaga tayo nakatira sa jupiter dahil nga hindi nagsumikap ang mga scientist noon. Kita mo yung moral lesson?”

“Nalaman kong habang lumalaki ka, maraming beses kang madadapa. Bumangon ka man ulit o hindi, magpapatu-loy ang buhay, iikot ang mundo, at mauubos ang oras.”

“Mag-aral maigi. Kung titigil ka sa pag-aaral, manghihinayang ka pagtanda mo dahil hindi mo naranasan ang kakaibang ligayang dulot ng mga araw na walang pasok o suspendido ang klase o absent ang teacher. (Haay, sarap!).”

“Nalaman kong marami palang libreng lecture sa mundo, ikaw ang gagawa ng syllabus. Maraming teacher sa labas ng eskuwelahan, desisyon mo kung kanino ka magpapaturo. Lahat tayo enrolled ngayon sa isang univer- sity, maraming subject na mahirap, pero dahil libre, ikaw ang talo kung nag-drop ka. Isa-isa tayong ga-graduate, iba’t-ibang paraan. Tanging diploma ay ang alaala ng kung ano mang tulong o pagmamahal ang iniwan natin sa mundong pinangarap nating baguhin minsan...”

“Hikayatin mo lahat ng kakilala mo na magkaroon ng kahit isa man lang paboritong libro sa buhay nila. Dahil wala nang mas kawawa pa sa mga taong literado pero hindi nagbabasa.”


*“Dalawang dekada ka lang mag-aaral, kung ‘di mo pagtityagaan, limang dekada ng kahirapan ang kapalit, so- brang lugi, kung alam lang ‘yan ng mga kabataan, sa pananaw ko ehh walang gugustuhing umiwas sa eskwela.”
(The Filipino Magazine)*



*Ang bayan koy tanging ikaw
Pilipinas kong mahal
Ang puso ko at buhay man*

*Sa iyoy ibibigay
Tungkulin koy gagampanan
Na lagi kang paglingkuran
Ang laya moy babantayan
Pilipinas kong hirang...*

IKA-113 TAONG ARAW NG KALAYAAN




March 18, 2011, Field trip to Kuwait Towers, KPCCenter Men Section



MAY NAGDISENYO BA NITO?

Ang Bacterial Flagellum



~ Kahit gamitan ng hi-tech na mikroskopyo, napakaliit pa rin nito. Ikinumpara ito sa malakas na motor ng isang bangka. Ano ba ang bacterial flagellum?

May iba't ibang uri ng flagellum, pero malamang na ang bacterial flagellum (sa Latin, "panghagupit") ang mas napag-aralan sa lahat. Ang umiikot na flagellum ay nakakabit sa cell wall ng baktirya para makakilos ito nang pasulong at paatras, makahinto, at mag-iba ng direksiyon. Tinatayang kalahati ng natuklasang baktirya ang may iba't ibang klase ng flagellum.

Nakadiseno sa DNA ng baktirya o mikroorganismo ang flagellum at ang propeler nito. Ito ay binubuo ng mga 40 protina na puwedeng ikumpara sa mga piyesa ng isang motor. At kamangha-mangha na kaya nitong buuin ang sarili nito sa loob lang ng 20 minuto!

Sinasabi ng publikasyong *The Evolution Controversy*: "May motor ang bacterial flagellum na kayang umikot sa bilis na 6,000 hanggang 17,000 rpm. Ang kahanga-hanga pa, sa kaunting paling lang ay makapagbabago ito ng direksiyon at makakilos na naman sa bilis na 17,000 rpm." Tinawag ng magasing *New Scientist* ang bacterial flagellum bilang "isang napakagandang halimbawa ng masalimuot na sistema ng molekula—isang napakadetalyadong nanomachine na di-kayang gawin ng sinumang inhinyero."

Palaisipan pa rin sa mga siyentipiko kung paano kusang binubuo ng napakaliit na bacterial flagellum ang sarili nito para magkasya ang 40 bahagi nito nang eksakto at gumana ito nang tama.

Ano sa palagay mo? Nagkataon lang ba na ganito ang bacterial flagellum? O may nagdisenyo nito?

Bacterium inset: © Scientifica/Visuals Unlimited, Inc.; flagellum diagram: Art source courtesy of www.arn.org

MAGTAWANAN TAYO

(Kung natawa ka na noon, tawa na ulit ngayon...)

Ni Issa Mohammad Tragua e-mail: jorgetragua@yahoo.com



Kapag si Pacman nanalo sa eleksyon, magpapatayo siya ng school, Pacquiao University, in short PAC U, at ang tawag sa mga students, PACQERS.

*totoo ba na ang gwapo at maganda ay mahina sa isfelling at grammers?
my gas!
did they sure?
wat does they proof?
it hurts me
i am not belief of diss.
does u?*

TOTO: Pangarap ko, kumita ng P250,000 monthly gaya ni daddy!

JOVY: Wow! Ganyan kalaki ang kinikita ng daddy mo?

TOTO: Hindi! 'Yan din ang pangarap niya!

Teacher: Give me colors that begin with letter "M"

Pupil: Maroon!!!

Teacher: Anybody else??

Ngongo: Mlue, Mrawn, mlak, maiolet...

Teacher: Mery ngood!!!

Encouraging words for today:

"Kung hindi ka na masaya sa buhay mo... bakit hindi mo subukan ang kabilang buhay??"

Prof: ano ang pagkakaiba ng adultery at fornication

Girl: nasubukan ko na pareho yan eh. parang wala namang difference

3 tanga nagsisiksikan sa maliit na kama...

tanga1: pare hindi tau kasya bawas tau ng isa. sa lapag nalang

matulog

(bumaba si tanga 3)

tanga2: ayan pare maluwag na akyat ka na d2!

Bumibili: (pasigaw) pabili pong SAFEGUARD

Tindera: (galit na sumigaw) wag kang sumigaw jan!!!

hindi ako bingi!! anong SIMCARD? globe o smart?

Salawikain ng mga high school students

"aanhin mo pa ang 90 kung 75 na ang uso"

"its better to cheat than to repeat"

"No need to review kodigo will do"

"aanhin mo pa ang libro kung scholar ang katabi mo"

"ang hindi marunong lumingon pag exam... bagsak ang kalalabasan"

PEDRO: Miss,pabili nga ng bolpen.

MISS: Sorry po sir, puro damit tinda namin.

(Inis na lumabas si Pedro sa tindahan)

PEDRO: My God! Penshoppe walang bolpen!


DOK: May taning na ang buhay mo.

JUAN: Wala na bang pag-asa? Ano po ba ang dapat kong gawin?

DOK: Mag-asawa ka na lang ng pangit at bungangera.

JUAN: Bakit, gagaling po ba ako ru'n?

DOK: Hindi, pero mas gugustuhin mo pang mamatay kesa mabuhay!



Isang Paanyaya sa mga Filipino sa Kuwait
4th KPCCenter Istiqbal Ramadan Symposium
(Pagsalubong sa Buwan ng Ramadan)

22 July 2011, 5:00 P.M.

Asia-Asia Restaurant, Kuwait City

(Souk Al-Watiya, malapit sa Panasonic Tower, at Grand Hypermarket, itaas ng
Adidas Store, Kuwait City)

Buffet dinner. Admission is FREE. For your confirmation (to attend) pls send txt to
KPCCenter Hotline 97802777



MGA BALITANG PANGKALUSUGAN

ANG PAGBUBUNTIS AY ISANG KAPANAPANABIK NA PANAHOH SA BUHAY NG MAGULANG.

Kailangang magpatingin ang mga kababaihan sa kanilang doktor sa loob ng unang tatlong buwan ng kanilang pagbubuntis. Ang mga pagbisita sa doctor ay tumutulong na makasigurong maayos ang pagbubuntis. Ang maagang pagsusuri ay tumutulong sa mga doktor na masigurong malusog ang ina at sanggol. Ang mga kababaihang nagpatingin sa doktor sa panahong ito ay nagkakaroon ng mas malulusog na mga sanggol. Mas malamang na manganak sila nang walang problema. Ang panayang pagbisita sa doktor sa panahon ng pagbubuntis ay nakadudulot ng kapayapaan ng isip.

MATAPOS ANG INYONG PANGANGANAK, ALAMIN KUNG ANO ANG MAAASAHAN.

Ang pagkatapos manganak ay 21 hanggang 56 araw matapos maipanganak ang inyong sanggol. Sa panahong ito kailangan ninyo, bilang bagong ina, na bumisita sa doktor. Bibigyan kayo at ang inyong anak ng inyong doktor ng mga pagsusuri at eksamin. Maaari ninyong makausap ang inyong doktor tungkol sa mga pangangailangan ninyo at ng inyong anak. Maaari kayong kausapin ng doktor tungkol sa pagpapasuso, pagiging lubos na malungkutin pagkatapos manganak (o "pagkapanglaw"), at ang pagkain ng tama. Siguraduhin ninyo na kayo at ang inyong sanggol ay nasa mabuting kalagayan.



ANG PAGPAPABAKUNA NG MGA BATA (SHOTS) AY KAILANGAN.

Mas malamang na magkasakit ang mga bata kaysa sa mga may sapat na gulang. Ang mga bakuna ay nakakatutulong sa mga bata na labanan ang mga sakit. Ang mga bata mula pagkapananganak hanggang 20 taong gulang ay kailangang bumisita sa doktor upang makuha lahat ang kanilang mga bakuna. Sa pamamagitan ng pagkuha ng mga bakuna sa iba't ibang edad manatiling malusog ang bata at makaiwas sa ilang mga sakit. At saka, ang mga bakunang ito ay kinakailangan ng mga bata sa pagpasok sa eskuwelahan at child care. Dalhin ang talaan ng pagpapabakuna ng inyong anak (dilaw na card) sa bawat pagbisita. Tulungan ang inyong anak na lumaking malusog.

ANG MALUSOG NA BATA AY MASAYANG BATA.

Ang lahat ng mga bata na wala pa sa edad 6 ay kailangang magpatingin sa doktor taun-taon upang lumaking malusog. Sa pagbisitang ito, bibigyan ng doktor ang bata ng pagsusuri, mga eksamin, at bakuna. Ipalaliwanag din ng doctor ang tungkol sa pagkain nang tama, kaligtasan, at pangangalagang den-tal (ngipin).

MABUTING PANGANGALAGA NG KABATAAN.

Ang paglaki mula sa pagkabata patungo sa may sapat na gulang ay maaaring mahirap. Nasa panahong ito gumagawa ang mga tinedyer ng mga desisyon na nakaaapekto sa kanilang kalusugan. Mahalaga para sa mga batang edad 12 hanggang 21 na bumisita sa doktor bawat taon. Susuriin ng doktor ang kalusugan at paglaki ng inyong tinedyer. Maaari ring magbigay ng mga impormasyong pangkalusugan ang inyong doktor. Kayo at ang inyong

tinedyer ay maaaring magtanong ng kahit anong kata-nungang mayroon kayo sa pagbisita.

HUMINGA NANG MALUWAG, PIGILAN ANG HIKA SA PANANAKOP SA INYONG BUHAY.

Maaaring mapanganib sa buhay ang hika kung hindi ito makontrol. Kung kayo o ang inyong anak ay may hika, kailangan ninyong bisitahin ang inyong doktor nang panayan. Kakausapin kayo ng inyong doktor tungkol sa mga paggagamot na makatutulong sa inyong na makontrol ang inyong hika. Sa tulong ng inyong doktor mapangangasiwaan ninyo ang inyong kalusugan.

ANG MAAGANG PAGTUKLAS, NAKAPAGLILIG-TAS NG BUHAY.

Ang Kanser sa Suso ang pinakaraniwang tipo ng kanser sa kababaihan. Kailangang makipag-usap ang mga kababaihan sa kanilang doktor tungkol sa kanser sa suso at maagang pagtuklas nito. Kakausapin kayo ng inyong doktor tungkol sa kung bakit kinakailangan ang mammogram. Ang mammogram ay isang x-ray para sa suso at maaaring makatulong na matuklasan ng maaga ang kanser sa suso. Ang mga kababaihang may edad 50 at pataas ay kailangang makipag-usap sa kanilang doktor tungkol sa

pagsailalim sa mammogram bawat taon.

MGA KABABAIHAN, PANGASIWAAN ANG INYONG KALUSUGAN.

Ang kanser sa serbiks ay isa sa pinakaraniwang mga kanser sa kababaihan. Ang mga kababaihan na aktibo sa seks o 18 taon at pataas ay kinakailangang kumuha ng Pap test at pagsusuri ng balakang bawat taon. Ang uring ito na kanser ay maaaring gumaling kung maagang matutuklasan, magagamot at masusubaybayan.

MGA KABABAIHAN, PIGILAN ANG CHLAMYDIA SA PANANAKIT NITO SA INYO.

Ang karamihan sa mga kababaihang may Chlamydia ay hindi alam na mayroon sila nito. Makakasakit sa katawan ang Chlamydia kung hindi ito magamot. Ang mga kababaihang edad 16 hanggang 25 na aktibo sa seks ay kinakailangang masuri. Ang pinakamabuting paraan ng pagtuklas kung kayo ay may Chlamydia ay sa pamamagitan ng pagsuri ng inyong doktor. Mapapagaling ang Chlamydia kung maaga itong mabigyan ng paggamot. Tawagan ang inyong doktor para sa pakikipagkita upang masuri.

(Source: Balitang Pangkasapi, County of Los Angeles, Department of Health Services, Community Health Plan)



PINOY RECIPE

Ni Sis. Um Ismael



(Iba't Ibang Luto ng Gulay)

TSAPSUY

Mga Sangkap:

- 1 guhit na karne
- 1 guhit na hipon
- 1 guhit na atay
- ½ kilong repolyo
- ¼ kilong bitswelas
- 1 punong kintsay
- 1 sayote
- 1 patola
- 1 sibuyas
- 2 butil ng bawang
- 2 kutsarang cornstarch
- toyo

Paraan ng Pagluluto:

1. Pag-apating hiwa ang sibuyas.
2. Hiwain ang atay nang nais na laki.
3. Balatan ang hipon at katasin ang dinikdik na ulo.
4. Putulin ang mahabang bitswelas.
5. Hiwain nang halos kasing-laki ang repolyo; ang patola ng paputol; at ang kintsay ng 1 pulgada.
6. Igisa sa bawang at sibuyas ang karne, tim-

plahan ng toyo at palambutin sa kaunting tubig.

7. Ihulog ang ibang gulay, sabawan pa kung kulang at palaputin sa cornstarch.

8. Ilagay din ang katas ng hipon.

(Iba't Ibang Luto ng Manok)

ADOBONG MANOK SA GATA

Mga Sangkap:

- 1 manok, putol-putol na pansubo
- ½ tasang suka
- 1 ulo ng bawang, pitpit
- 1 kutsarang asin
- ¼ kutsaritang paminta
- 2 tasang gatang malabnaw
- 1 ½ tasang kakanggata
- ½ tasang toyo

Paraan ng Pagluluto:

1. Isama ang manok sa suka, toyo, bawang, asin at paminta.
2. Pakuluan. Pahinaan ang apoy.
3. Idagdag ang kakanggata at hintayin maglangis-langis ang sabaw bago hanguin.
4. Masarap ding samahanito ng hilaw na papaya.

(Source: Piling-piling Lutuing Pilipino, R.P.Nem Singh, G.V.Manaog; Isa-Jecho Publishing Inc)





SARI-SARING KAALAMAN: Ano ang Online Studies?

Ni Wilfred P. Gabol, email: will@icsa.us

Ito ay tinawag nilang Distance Learning/ Education na kung saan tiyak na maisasakatupan ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral na nakakaranas ng mga suliranin sa edukasyon sanhi ng kakulangan ng sapat na panahon at kakayahang makapasok nang regular sa eskwelahan. Sa tulong ng Distance Learning/ Education, madali nang maisasakatuparan ang pag-aaral sa kabila ng mga suliraning ito at abot-kamay na ng bawat mag-aaral ang tagumpay sa pamamagitan ng pag-aaral gamit ang pangkasalukuyang Advanced Technology gamit ang Internet. Ito ang ONLINE Studies.

Mayroong Opisyal na Kasunduan sa pagitan ng Wisdom International School for Higher Education Studies (WISHES) sa Pilipinas at ng International Institute of Computer Science and Administration (ICSA) dito sa Kuwait, at pormal na nilagdaan noong ika-12 Hulyo 2010. Sa kasunduang ito, sa tulong na nakapaloob na MOA (Memorandum of Agreement), maliwanag na nakalahad na and ICSA ay itinalagang nag-iisa at eksklusibong Learning, Tutorial at Information Center ng WISHES sa Kuwait. Ang kasunduang ito ay bunsod ng layunin ng dalawang Institusyon na mas mapaunlad at mapalawig pa ang antas ng Edukasyon para sa mga Pilipinong nasa bansang Kuwait.

Ang dalawang Institusyon, ICSA at WISHES, ay maglalahad at magsasakatuparan ng Online Studies sa pamamagitan ng kanilang website www.wisdom.edu.ph. Ang Wisdom International School for Higher Education Studies (WISHES) ay kinikilala ng Mataas na Pamahalaan ng Pilipinas sa tulong ng ibat-ibang sangay ng gobyerno sa Pilipinas, isa na dito ang Commission on Higher Education - Autonomous Region in Muslim Mindanao (CHED-ARMM). Itinalaga din ang WISHES bilang officially accredited para sa Higher Degree Programs na kung saan nakapaloob ang ibat-ibang matataas na kurso tulad ng Bachelor of Science in Business Administration (BSBA) and Master of Business Administration (MBA). Bukod dito, ang WISHES ay bukas din para sa Islamic Studies Degree Programs upang maisakatuparan ang layunin na mabigyan ng kapaki-pakinabang at mataas na antas ng edukasyon ang mga Muslim at makatutulong din sa mga indibidwal upang mapag ibayo ang propesyonalismo tungo sa mas matagumpay na kinabukasan. Ang WISHES ay opisyal na rehistrado sa Philippine Securities and Exchange Commission (SEC) na kinakatawan ni Dr. Mamarinta-Omar Mababaya bilang President at Dr. NorlainDindangMababaya bilang Chairman of the Board of Trustees.



Boracay

Ang Boracay ay isang tropikal na pulo na tinatayang matatagpuan 315 km (200 milya) sa timog ng Maynila at 2 km sa hilaga-kanlurang dulo ng pulo ng Panay sa Silangang Visayas sa Pilipinas. Isa ito sa mga sikat na destinasyon ng mga turista sa bansa. Binubuo ang pulo ng mga barangay ng Manoc-Manoc, Balabag, at Yapak (3 sa 17 barangay na binubuo ng bayan ng Malay), at nasa ilalim ng pamamahala ng Autoridad ng Turismo sa Pilipinas na may ugnayan sa Pamahalaang Panlalawigan ng Aklan.

Ang Boracay ay nabibilang sa kumpol ng isla sa Panay sa Kanlurang Visayas. Ito ay maliit lamang at korteng buto. Matatagpuan ang Boracay mga dalawandaang kilometro sa timog ng Maynila. Bahagi ito ng bayan ng Malay sa probinsiya ng Aklan. Binubuo ito ng tatlong barangay: Manoc-Manoc, ang Balabag, at Yapak. Ang Yapak ay nasa hilagang dulo ng isla, Balabag ay nasa gitna, at ang Manoc-Manoc naman ay nasa timog. Ang Boracay ay pinamamahalaan ng Department of Tourism (DOT) kasama ng gobyerno ng Aklan. Ang isla ay may habang pitong kilometro at laking 1083 ektarya. Ang sentro ng isla kung saan naninirahan ang mahigit kumulang 16000 katao, ay patag at makitid. Ang katimugan at hilagang bahagi ng isla ay mas malapad at maburo. Ang pinakamataas na parte ng isla ay ang Bundok Luho na may taas na isandaang metro at nasa hilagang-silangang bahagi ng isla.

